

PROLOGUE

Excited si Lana habang hinihintay ang best friend niyang si Abigail. Birthday ng Kuya Benson nito. Hindi man siya direktang inimbita ng binata, si Abigail ang nag-ayang magpunta siya sa bahay ng mga ito para maghapunan.

Nakapagpaalam na si Lana sa mga magulang niya at pinayagan naman siya. First year college na sa siya pasukan kaya siguro medyo maluwag na ang mga ito.

Hindi siya inobluga ni Abigail na bumili ng regalo para kay Benson. But Lana had been eager. Alam kasi niya ang magugustuhan nito. Hindi siya matatahimik hangga't di niya ito nabibigayan ng regalo. She wanted him to thank her enthusiastically. Maybe even receive a kiss from the guy. Kinilig siya sa isipin.

Crush niya ang kuya ni Abigail. Lana knew almost everything about him. At bakit nga ba hindi. Bukod sa araw-araw niyang binibisita ang page nito sa *Facebook*, alerto siyang lagi kapag nagkukuwento si Abigail tungkol dito. Matanda lamang ng dalawang taon sa kanila si Benson. Third year college ang binata sa kursong Architecture.

Unfortunately, may girlfriend ito.

No big deal. Hindi nag-aalala si Lana dahil humahanga

lang naman siya kay Benson. Okay lang na hindi siya nito pag-interesan. Pero, siyempre mas masaya nga siguro kung may katugon ang feelings niya.

Nakangiting sinipat niya ang sarili sa salamin. She chose not to wear her usual T-shirt and jeans for the special occasion. Sa halip, suot niya ang isang kulay pink na bestida. Gusto niyang maging maganda para kay Benson at alam niyang bagay sa kanya ang ganoong attire.

Humahangos na pumasok sa kuwarto ni Lana si Abigail. Sandaling napanganga ang kaibigan nang makita siya pero walang sinabing anuman. Nakapambahay na T-shirt at shorts lamang ito.

“Ready ka na ba? Tara, nagugutom na ako.”

“Saan ka ba nanggaling?” Sinulyapan niya ang malaking kahon na bitbit nito.

“Pinabili ako ni Kuya ng cake. Dali na!”

“Taray!” Kaagad na kinuha ni Lana ang regalo niya sa ibabaw ng kama at sumunod na kay Abigail palabas sa kanyang silid.

Naratnan nila si Mrs. Capistrano, ang mommy ni Lana, sa main door.

“Isasama ko na po si Mary Lana,” magalang na paalam ni Abigail para sa kanya.

Hinagkan ni Lana sa pisngi ang ina. “Kakain lang po kami. Narito na ako bago pa makauwi si Daddy.”

“Okay lang naman sa daddy mo, anak. Enjoy yourself.”

Tatlong kanto lamang ang layo ng bahay ng kaibigan sa kanila pero nagtraysikel na sila. Gutom na nga kasi si Abigail.

“Ano’ng binili mo para kay Kuya?” pansin nito sa dala niyang regalo. “Di ba sabi ko naman no need?”

“Sa gusto kong magregalo, pakialam mo ba?”

“Whatever. Aminin mo na kasing crush mo si Kuya!”

Nag-init ang mga pisngi niya. “Hindi kaya!”

“Whatever.”

May nadamang malisya si Lana sa tono ng kaibigan, pero pinili niyang manahimik.

“Naiwan mo pala ’yung diary mo sa kuwarto ko. Nabuklat ko kasi akala ko ay diary ko.”

Pinanlakihan niya ng mga mata si Abigail. “Hindi mo naman binasa?”

“Aba’y pwede ba namang hindi?” Tinawanan siya nito pagkatapos ay niyakap siya. Alam kasi nito na balat-sibuyas siya. “Binibiro lang naman kita. And I’m not that low. Hindi ako magbabasa ng diary ng iba.”

“Eh, bakit kumbinsido ka na may crush ako sa kuya mo?”

“Tinatanong pa ba 'yon? Masyado ka kayang obvious.”

Muling nanahimik si Lana. Nahiya.

“Okay lang naman sa akin, Lana,” nakangiting sabi ni Abigail. “Walang magbabago sa pagkakaibigan natin. I'd be happy to have you as a sister-in-law.”

Pinagkukurot niya ito. Natawa na rin sa kanila ang matandang magtatraysikel.

“Sorry po, ang gulo ng babaeng ito,” paghingi niya ng paumanhin sa magtatraysikel. Tumango lamang ang lalaki. Muli niyang binalingan ang bestfriend. “Huwag mong sabihin sa kanya, ha!”

“Bahala na.”

She stuck her tongue out at her best friend.

Puro mga college students—mga kaklase at mga kaibigan ni Benson—ang naabutan nila sa bahay. Wala sa grupo ang binata pero natanaw nila si Samantha, ang girlfriend nito. Ito ang pinakamalakas tumawa habang tila may ibinibida sa mga college students.

Sinulyapan siya ni Abigail, nakataas ang isang kilay. Katulad niya, ayaw rin nito kay Samantha para kay Benson. May kalandian

kasing taglay ang babae. Bukod sa makapal mag-makeup, pang-hostess ang choice nitong kasuotan. At that moment, nakapulung tube top at maiksing shorts ito.

Sadyang mahiyain si Lana at hindi rin type ni Abigail ang makipagkulitan sa mga kaibigan ni Benson kaya pormal ang mga mukha at walang-imik silang dumaan sa front yard patungo sa bahay. Nasa harapan na sila ng main door nang ituro si Lana ni Samantha.

“There is my boyfriend’s worshipper,” nakangising tuya nito sa kanya.

Namutla si Lana nang makitang hawak ng babae ang kanyang diary.